REPUBLIKA NG PILIPINAS

**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**

KALAKHANG MAYNILA

Tanggapan ng Sangguniang Bayan

KAPASIYAHAN BILANG 93 - 37

KAPASIYAHAN NA NAGPAPATAW NG TATLUMPUNG BAHAGDAN (30%) NA AMUSEMENT TAX SA KABUUANG RESIBO (GROSS RECEIPTS) MULA SA MGA BUTAW-PAGTANGGAP (ADMISSION FEES) NA SINISINGIL NG BIG BANG SA ALABANG SA MGA TUMATANGKILIK NITO.

---

INISPONSOR NI KONSEHAL MELCHOR R. TEVES

---

SAPAGKAT, ang Sangguniang Bayan ay may kapangyarihang lumikha ng hakbangning magpapataw ng buwis sa alinmang pangkalakalang establisamento sa nasasakupan nito;

SAPAGKAT, ang buwis pang-aliwan (amusement tax) ay isang uri ng buwis na maaaring igawad sa mga establisamentong tumatanggap ng bayad upang ang mga nagnanais na pumasok sa mga ito ay maaliw, magpahinga, makapanood o sa pangkalahatang konsepto ay magkaroon ng kaiga-igayang dibersiyon;

SAPAGKAT, ang Big Bang sa Alabang ay tumutugon sa nasabing pagsasalarawan;

SAPAGKAT, ang pagkolekta ng buwis - pang-aliwan ay isasagawa ng Pambayang Ingat-Yaman alinsunod sa panahong itinakda ng batas.

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay pinagpasiyahan at muling pinagpasiyahan na pagtibayin ang kapasiyahan na nagpapataw ng tatlumpung bahagdan (30%) na amusement tax sa kabuuang resibo (gross receipts) mula sa mga butaw-pagtanggap (admission fees) na sinisingil ng Big Bang sa Alabang sa mga tumatangkilik nito.

PINAGTIBAY, ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa sa kanilang regular na pulong na ginanap ngayong ika 11 ng Enero, 1993 sa Silid Pulungan ng People's Center, Muntinlupa, Kalakhang Maynila.

PINATOTOHANAN :

KGG. JAIME R. FRESNEDI
Pang. Punongbayan/Panguloong Opisyal

KGG. ROGER C. SMITH
Konsehal

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
Konsehal

KGG. ROMAN E. NIEFES
Konsehal

KGG. DANTE S. ALMARIO
Konsehal

KGG. ARTURO S. BUNYI
Konsehal

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
Konsehal

KGG. MELCHOR R. TEVES
Konsehal

KGG. REY E. BULAY
Konsehal

KGG. NOLASCO L. DIAZ
Konsehal

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
Konsehal

KGG. ERNESTO A. CARUBIO
Konsehal

KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.
Konsehal

(Hindi nakilahok)
KGG. VICENTE YU CHUA
Konsehal
Kinatawan ng Sektor
Pangulo,Samahan ng mga Punong Barangay

PINATUTUNAYAN :

PETER B. SALONGA
Pambayang Kalihim

PINAGTIBAY :

MGGL. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan

/vts